# Thesis & Dissertation Abstracts

## Ang Referens Gramar ng Kolibugan

**Danilyn T. Abingosa**

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na makasulat ng referens gramar ng wikang Kolibugan. Nilalayon nitong mailarawan ang fonolojikal, morfolojikal, at sintaktikal na katangian ng Kolibugan batay sa aktwal na sinasalitang wika. Bilang isang referens gramar, ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong pamamaraan sa linggwistiks sa pagdodokumento ng wika. Ginamit bilang batayan sa pagbuo ng analisis ang typologically informed framework ni Aikhenvald (2015). May humigit kumulang 2,000 sentens at 1,000 na mga salita sa wikang Kolibugan ang ginamit bilang datos ng pag-aaral na ito. Ang mga datos na ginamit ay mga primary data na nalikom mula sa mga isinagawang fildwurk sa Tungawan, Zamboanga Sibugay.

Binubuo ang disertasyong ito ng limang (5) tsapter. Makikita sa Tsapter 1 ang paglalahad sa layunin at kahalagahan ng pag-aaral, pagtalakay tungkol sa Kalibugan at wikang Kolibugan gayundin sa lugar ng pag-aaral, metodolohiyang ginamit sa pagsasagawa ng pag-aaral, at

freymwork na ginamit bilang batayan sa pag-aaral na ito. Makikita rin sa tsapter na ito ang pagtalakay sa mga babasahin at pag-aaral na nakitang may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Makikita sa Tsapter 2 ang pagtalakay sa fonoloji ng Kolibugan. Inilalahad dito ang mga segmental fonim at suprasegmental na bumubuo sa wikang ito. Sa Tsapter 3, makikita ang pagtalakay sa morfoloji ng Kolibugan. Tinalakay rito ang iba't ibang leksikal kategori na makikita sa wikang ito gayundin ang paraan ng pagbubuo ng mga salita. Makikita sa Tsapter 4 ang pagtalakay sa sintaks ng Kolibugan. Tinalakay sa bahaging ito ang mga preys at uri ng sentens sa Kolibugan gayundinmang proseso ng pagpapalawak sa mga ito. Sa Tsapter 5, inilalahad ang samari at rekomendesyon ng pag-aaral.

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga pangunahing fityur ng Kolibugan ay ang mga sumusunod: 1) binubuo ang wikang Kolibugan ng limang (5) vawel fonim at labimpitong (17) konsonant fonim; 2) ang mga salita sa wikang ito ay maigugrupo sa dalawa—ang open klas at klows klas; 3) mauuri sa dalawa ang aspek ng verb sa Kolibugan—realis at irrealis; 4) predikeyt inisyal ang mga verbal at di-verbal klos sa Kolibugan at nagsisilbing sabjek ng sentens ang *og*-phrase sa wikang ito; 5) ang mga beysik sentens ay maaaring mapalawak pa sa pamamagitan ng koordinesyon at subordinesyon.

Sa kabuuan, naobserbahan na bilang isa sa mga wika sa Pilipinas, marami sa mga fityur ng Kolibugan ang may pagkakapareho sa iba pang mga wika sa bansa na kabilang sa tinatawag na Philippine-type na mga wika. Batay sa leksikon, naobserbahan na ang wikang ito ay

naiimpluwensyahan ng mga wikang sinasalita sa Zamboanga Peninsula sa pamamagitan ng tinatawag na language contact.

Abingosa, Danilyn T. (2021). *Ang referens gramar ng Kolibugan* [Unpublished doctoral dissertation]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## Ang mga Dayalekto ng Tagalog sa Batangas at Oriental Mindoro

**Precious Sarah A. Añoso**

Ang pag-aaral na ito ay naglalarawan ng mga karaniwan at kakaibang katangian ng mga dayalekto ng Tagalog sa Batangas at Oriental Mindoro (OrMdo) batay sa mga salita, mga tunog, at ilang morpolohikal na anyo. Tinutukoy rin dito kung saan sinasalita ang mga nasabing dayalekto at ipinaliliwanag ang mga salik na maaaring nakaapekto sa pagkakaroon nito ng mga karaniwan at kakaibang katangian. Ang mga datos ay mula sa tigdadalawang informant ng magkaibang barangay sa lahat ng bayan at lungsod sa Batangas at OrMdo. Lumabas sa pagsusuri ang apat na dayalektong sinasalita sa (1) bayan ng Tingloy sa Batangas, (2) kalakhang Batangas kasama ang ilang bayan sa OrMdo, (3) grupo ng mga bayan sa gitnang OrMdo, at (4) bayan ng Roxas sa OrMdo. Ang pagbubukod sa mga ito ay dala ng mga naiibang salita, gayundin ng ilang mga naiibang morpolohikal na anyo. Ipinapakita sa pag-aaral na ito na ang distribusyon ng mga katangian ay maaaring

naapektuhan ng mga sumusunod na salik: (1) kasaysayan, partikular na ang dating komposisyon at pagkakahati ng mga lalawigan at bayan, (2) ilang heyograpikal na katangian, kabilang ang mga nakapalibot na anyong tubig, mga kalapit na bayan o lalawigan, at mga pasilidad ng transportasyon, at (3) aktibong ugnayan ng mga tao at kanilang dayalekto sa mga itinuturing na sentro ng lalawigan. Maaaring palawakin ang datos sa mga dayalektong nabanggit, o ikumpara ang mga ito sa mga dayalektong sinasalita sa ibang lalawigan. Ang mga pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay maaari ring ilapat sa iba pang mga wika bukod sa Tagalog.

Añoso, Precious Sarah A. (2018). *Ang mga dayalekto ng Tagalog sa Batangas at Oriental Mindoro* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## Semantik na Gramar ng Filipino

**Jem R. Javier**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na ilahad ang gramar ng Filipino na may partikular na tuon sa kahulugan, sa palagay na ang kahulugan ng mga salitang bumubuo sa pangungusap ay may malaking kinalaman sa sintaktik na gawi ng mga ito at sa kahihinatnang anyo ng konstruksiyon. Inaasahang makapag-ambag ito sa pangkalahatang kabatiran ukol sa pagsusuri ng gramar ng wika ng Pilipinas, at maging sa mga larangang

hindi pa gaanong nagagalugad sa konteksto ng Pilipinas gaya ng pormal na semantiks, aralin sa metapora, at linggwistiks ng wikang Filipino.

Ang unang kabanata ay naglalatag ng mga rekisito ng pananaliksik gaya ng paglalahad ng paksa, kaligiran at layunin ng pag-aaral, sakop at limitasyon, at metodolohiyang ginamit. Ang datos ay iniahon sa at ginagabayan ng Filipino Language Corpus, isang komponent ng kasalukuyang tumatakbong kolaboratibong pananaliksik sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, na may layuning ilarawan ang grammar at buuin ang monolinggwal na diksyunaryong Filipino ayon sa kasalukuyang gamit ng naturang wika. Ito rin ang gagamiting pangunahing depinisyon ng konsepto/terminong "wikang Filipino" sa pananaliksik, bukod sa depinisyong ibinigay ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Ang ikalawang kabanata ay naglalatag ng teoretikal na balangkas na ginamit sa pagsusuri at paglalarawan sa gramar ng Filipino gamit ang semantik na lapit. Ang balangkas ay hinango sa limang pag-aaral sa semantiks at gramar: Dixon (2005) para sa pagsusuri ng mga semantic type; Jackson (1990) para sa pagtukoy ng mga situation type; Malicsi (2013) para sa paglalarawan sa gramar ng Filipino; Conceptual Metaphor Theory na isinulong nina Lakoff at Johnson (1980); at Javier (2013) para sa mga pagpapalagay at pagbibigay-interpretasyon sa mga inilatag na situation type at semantic type.

Ang ikatlong kabanata naman ay naglalahad ng mga naunang pag-aaral ukol sa pagsusuri sa grammar ng Filipino, mga usapin sa pagitan ng Tagalog at Filipino, at teoretikal na palagay na bubuo sa balangkas ng pagbuo at pagsusuri sa semantik na gramar ng Filipino. Mula sa rebyu ng mga naunang pag-aaral, nakatukoy ng ilang mahahalagang siwang sa iskolarsyip kung saan maaaring makapag-

ambag ang kasalukuyang pananaliksik. Ang mga ito ay may kinalaman sa pangangailangan sa: pagbuo ng kumpletong gramar ng Filipino mula sa lente ng semantiks; higit na masinsing pagpapangkat-pangkat ng mga ugat sa Filipino na nakabatay kapwa sa kahulugan at sintaktik na gawi; pagpapangkat-pangkat ng mga ekspresyon sa Filipino ayon sa estado, pangyayari, o aksiyon na inilalarawan nito; paggamit ng konstruksiyong metaporikal upang masinop at makita ang regularidad sa mga konstruksiyong orihinal na panlunan sa Filipino; at paggamit ng korpus ng aktuwal na gamit ng Filipino bilang gabay sa pagbuo ng gramar nito.

Ang ikaapat na kabanata ay ay naglalahad ng iba't ibang situation type sa wikang Filipino ayon sa pangyayari o aksiyon na inilalarawan ng mga konstruksiyon. Kabilang din dito ang mga semantic role ng mga kalahok sa pangungusap na siyang kumukumpleto sa kahulugang hinihingi ng predicate at sa semantiks ng pangungusap sa kabuuan.

Ang ikalima at ikaanim na kabanata ay naglalatag ng semantic type na kinabibilangan ng mga noun, adjective, at verb, ang tatlong gramatikal na kategorya na tuon ng pagsusuri sa pag-aaral na ito. Inilalahad din sa mga kabanata na ito ang mga gramatikal na katangian ng bawat kategorya at ang mga tungkuling ginagampanan ng mga ito sa pagpapakahulugan at pagbibigay-interpretasyon sa pangungusap. Ang mga verb ay binibigyan ng natatanging pansin dahil sa kahalagahan nito sa pangungusap, na nagbubunsod sa pagpapangkat ng mga konstruksiyon ayon sa situation type na inilalarawan ng pangungusap, na siyang pagtutuunan naman ng pansin sa ikaanim na kabanata. Dahil sa kalikasan ng Filipino bilang wikang Philippine-type, ang paglalarawan sa sintaktik na gawi ng bawat semantic type at subtype ay

nakatutok sa mga panlaping karaniwang ikinakabit dito, bukod sa mga semantic role na hinihingi ng verb.

Ang ikapitong kabanata ay nagpapanukala sa pagtingin sa lunan bilang isang conceptual metaphor sa wikang Filipino, batay sa malaganap na paggamit ng mga gramatikal na mekanismong nagpapahayag ng lunan, partikular ang panlaping *-an* at ang marker na *sa*.

Ang ikawalong kabanata ay naglalatag ng buod at kongklusyon ng pag-aaral na ito. Ilalapag din ang ilang mungkahi para sa susunod pang pag-aaral upang mapalalim pa ang paglalarawan sa semantik na gramar ng Filipino at mapalawak pa ang ganitong lapit sa iba pang mga wika ng Pilipinas.

Inaasahan na ang semantik na lapit sa pagsusuring ito sa gramar ng Filipino ay magsilbing huwaran ng pag-aaral ng iba pang mga wika sa Pilipinas at makapagbigay rin ng iba pang pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ng wika para sa mga nag-aaral nito bilang pangalawang wika, banyagang wika, o hiwalay na larangan.

Javier, Jem R. (2022). *Semantik na gramar ng Filipino* [Unpublished doctoral dissertation]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

# A Grammar Sketch of Inati

**Diane A. Manzano**

Inati is an understudied language spoken by the Ati indigenous group in Numancia, Aklan. The study aims to provide a grammar sketch of Inati spoken in Numancia, Aklan. It specifically aims to describe and analyze its linguistic properties such as its phonemes and the phonological processes, morphemes and morphological processes and the language's syntactic structure.

In terms of phonology, this study was able to describe the five phonemic vowels in Inati's vowel inventory. These vowels are /i, ɨ, ʊ, ɛ, a/. Also prominent in the language is vowel harmony where the vowel of the affix assimilates to the vowel of the root so most affixes which has an /a/ vowel changes to /ɛ/.

Based on the data presented in this study, Inati's morphology shows difference between non-personal and personal nouns. The marker for Inati nouns in the genitive case (*ki*) is the same marker used for nouns in the oblique case (*ki*). Interestingly, personal nouns in the nominative and genitive case have similar markers (*i*) while the oblique is marked differently (*ki*). Nine types of nominal derivational affixes were seen: *igpaN-*, *tag-*, <*Vr*> + *-in*/-, *paN-*, *pag-*, *ka-*, *-in*, *ta-*, and *ma-*. There are two types of adjectives discussed in this study: simple and *ma-* adjectives. Inati is different from most of Bisayan languages in that Bisayan languages use *-on* verbal suffix while Inati uses *-in*. There are two main types of Inati verbs seen in the data: stative and dynamic. Under dynamic verbs there are two subtypes: transitive and intransitive verbs. Intransitive verbs can be marked with affixes such as *ig-*, *mag-*,

*nag-*, and *nang-* while transitive verbs are those marked with the affixes *gin-*, *-in*, *-an*, and *i-*.

These affixes are tied to two main clausal types seen in the language and those are transitive and intransitive clauses. An intransitive clause would expect at least one argument (whose syntactic function is an S) while a transitive clause would expect two arguments (whose syntactic functions are A and O). One of the observations specifically in terms of syntax is how word order determines syntactic function of arguments in a clausal construction where two arguments are marked similarly.

This study mainly focuses on describing the synchronic aspect of Inati language in Numancia and aims to help in the documentation and preservation of the language.

Manzano, Diane A. (2019). *A grammar sketch of Inati* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## Butuanon Reference Grammar

**Maridette E. Molina†**

This dissertation is a reference grammar of Butuanon. It aims to comprehensively describe the phonology, morphology, and syntax of the Butuanon language. The data used in this study include Butuanon translations of more than 1,000 Tagalog and Cebuano sentences and a

vocabulary consisting of 350 words. Short stories written in Butuanon likewise form part of the data of this study.

This dissertation is divided into five chapters. Chapter 1 discusses the vitality status of Butuanon and its cultural and historical background. Chapter 2 deals with the segmental and suprasegmental features of the language. Chapter 3 focuses on word classes which can be open or closed. Open classes include nouns, verbs, adjectives, and adverbs while closed classes consist of nominal markers, pronouns, numerals, negators, existential, coordinators, and subordinators. Chapter 4 discusses the basic clause structure in Butuanon, headed by verbal and non-verbal predicates. Other types of clauses such as negative and interrogative clauses are also presented in this chapter, including coordination and subordination. Chapter 5 summarizes the prominent and distinctive features the Butuanon language exhibits.

Based on the results of this study, the Butuanon language shares majority of its features with other Philippine-type languages. Butuanon has an inventory of three vowel phonemes and 16 consonant phonemes. Its words can be categorized into two groups—the open and the closed classes. The open classes which consist of nouns, verbs, adjectives, and adverbs may appear affixed or unaffixed. Nouns in Butuanon do not have inherent inflectional affixes. The affixes that mark nouns for gender and diminutive are all borrowed from Spanish. Verbs in Butuanon are generally inflected for focus, aspect, and mood. As a predicate-initial language, Butuanon has a basic clause structure consisting of a predicate and a focus argument that serves as a subject of the clause and is marked

by *ang* or *si*. The basic clause can be further expanded primarily through coordination and subordination.

Molina, Maridette E. (2021). *Butuanon reference grammar* [Unpublished doctoral dissertation]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## A Grammar of Iraya

**Elsie Marie T. Or**

The Iraya Mangyans form one of the eight indigenous ethnolinguistic groups on the island of Mindoro, which is located off the southwestern coast of Luzon. This thesis presents a description of the grammar of the language spoken by the Iraya Mangyans, particularly in the northwestern part of Oriental Mindoro.

There have been few studies on the Iraya Mangyan language, and most of the linguistic studies which do include this language deal with its genetic relationship with other Mangyan languages and other Philippine languages (Zorc, 1974; Barbian, 1977; and Reid, 2017). To date, the most extensive description of the language was made by Tweddell (1958), however, it is only limited to the description of Iraya phonology and morphology.

This study seeks to present a more comprehensive grammar of the language by revisiting the phonological and morphological structure of the language, and by describing the syntactic patterns and operations

in Iraya. Some of the noteworthy features of the language include the lack of case markers, the lack of distinction between dual and plural personal pronouns in terms of case, the use of grammaticalized gender markers, and the limited productivity of aspectual marking on verbs through affixation. There is also no overt relativizing morpheme in the language, and the relative clause is simply juxtaposed to the head noun that it modifies.

As with most Philippine languages, Iraya is a primarily predicate-initial language. However, in cases where the actor is encoded as a personal pronoun, there is a strong preference for it to appear in the pre-verbal position.

Word order is relatively strict in this language. The grammatical relations of arguments can be discerned from the semantic roles they play within the sentence, their position within the sentence, and the focus affix attached to the verb. The strict word order in the language is hypothesized to be due to the lack of differentiation in the case marking of core arguments within the sentence.

This thesis consists of six chapters. Chapter 1 introduces the language and provides an overview of the language situation of the Iraya Mangyans of Oriental Mindoro. Chapter 2 provides a review of previous studies on this language, with particular attention paid to Tweddell's description of Iraya phonology and morphology. Chapter 3 introduces the phonemic inventory of the language and the morphophonological processes that occur in the language. Chapter 4 presents the categorization of morphemes and the various word formation processes in Iraya. Specific grammatical categories such as the case, number, and gender of nouns, as well as aspect, focus, and modality of verbs are discussed in this

Chapter as well. Chapter 5 presents the phrasal and clausal structures in Iraya. Syntactic operations such as coordination and subordination are also discussed. Finally, Chapter 6 presents a summary and implications of the current findings, as well as recommendations for future studies on the language.

Or, Elsie Marie T. (2018). *A grammar of Iraya* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## Ang Bumaruon ng mga Ilubu: Isang Etnolinggwistikong Pag-aaral

**Daryl Q. Pasion**

Noon pa man ay nahaharap na ang mga katutubo ng Kalinga sa tunggalian sa pagitan ng batas ng estado at ng kanilang katutubong pamamaraan ng pagsasaayos ng alitan na tinatawag na *bodong*. Mariing tinututulan ng mga katutubo ang paghihikayat ng kapulisan na itaas ang mga kaso ng alitan sa pambansang husgado dahil mas pinapaboran ng mga katutubo ang pagsasaayos gamit ang katutubong pamamaraan. Malinaw ang inihahayag ng mga pag-aaral, mga panitikan, at mga pahayagan patungkol sa dahilan ng kanilang pagtutol: hindi nakakamit ng mga katutubo ang 'hustisya' sa kaparaanan ng modernong batas. Sa etnolinggwistikong pag-aaral na ito ay sinuri ang konsepto ng "hustisya" ng isang pangkat sa Kalinga, ang mga Ilubu. Ginalugad rin at sinuri

ang semantika ng mga salitang may kaugnayan rito. Batay sa nakalap na datos, ang konseptong ito ay naipapahayag ng mga Ilubu sa salitang *bumaruon*, mula sa salitang-ugat na *baru* na ang ibig-sabihin ay 'ganda.'

Pasion, Daryl Q. (2018). *Ang Bumaruon ng mga Ilubu: Isang etnolinggwistikong pag-aaral* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## Compound and Complex Sentences in Surigaonon

**Ava A. Villareal**

A comprehensive grammar description includes the formations and processes of compound and complex sentences. A thorough understanding of the rules and constraints that govern these complex structures ensures better understanding and communication among speakers and aids pedagogy.

This study aims to describe how compound and complex sentences are formed in Surigaonon. Specifically, it aims to identify the different types of compound and complex sentences in the language, along with the different types of Surigaonon conjunctions, their functions, semantics, and grammatical restrictions.

In Surigaonon, a compound sentence is formed by joining together two or more related sentences using a conjunction—a morpheme that shows the relationship of the conjoined sentences. These sentences have various relationships (e.g., addition, sequence, contrast, etc.), with

corresponding effects on the truthfulness of the sentence propositions. Compound sentences are formed by the processes of coordination, subordination, or through the use of conjunctive adverbs.

A complex sentence in Surigaonon is composed of two or more sentences or clauses where one functions as the matrix sentence and the others as insert sentences. The process of inserting sentences is called embedding. The embedding processes involved in the formation of Surigaonon complex sentences discussed in this study are nominalization, relativization, attribution, sentences with modal verbs, and sentences with higher predicates.

The descriptions of compound and complex sentences presented in this study together with the previous studies done on Surigaonon grammar may serve as sources for the creation of a Surigaonon reference grammar which will provide a comprehensive description of the language.

Villareal, Ava A. (2021). *Compound and complex sentences in Surigaonon* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## A Grammar of Bolinao

**John Venson P. Villareal**

The present study aimed to describe the phonological and morphosyntactic properties of Bolinao, a Sambalic language spoken in Pangasinan.

The description of phonology followed the traditional approach to Philippine sound systems, while the description of morphosyntax followed a typological and construction-based approach. A typologically-informed approach to linguistic structure highlights a language's characteristics in terms of its similarities and differences with other languages. A construction-based approach accounts for the flexibility of a word's functions and meanings.

Bolinao shares a lot of characteristics with many Philippine languages, but it also displays differences in terms of the uses of deictic elements, distinction between word classes, marking of arguments, and modality. The findings of the present study can 1) be used for language research; 2) help in the preservation and appreciation of the language; 3) provide insights on how Philippine languages work; and 4) supplement to the materials used for instruction in the language.

Villareal, John Venson P. (2020). *A grammar of Bolinao* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.

## Bikol Daet: Context, Variation, and Outlook

**Louward Allen M. Zubiri**

This study revisits the integrity and position of Bikol Daet as a member of the Bikol macrolanguage via an investigation of its relationships within

the linguistic ecology of Camarines Norte, its potential shibboleths, and its diachronies.

In Chapter II, two of the Philippines' most dominant languages, Tagalog and the Bikol macrolanguage, in addition to an indigenous language Manide, were discussed as the three key players in the ecology of languages in Camarines Norte. Both the Southern Tagalog dialects (e.g., Tagalog Quezon and Batangan Tagalog) and Bikol Naga are identified as primary influencers of Bikol Daet.

In Chapter III, diatopic variation across the towns of Camarines Norte and nearby areas were presented. In particular, phonetic and lexical variance were mapped, and isoglosses were determined. Distinct areas such as the TAGALOG block and the BIKOL block based on Isogloss 1Y, and the BIKOL-minus-RAGAY block based on Isogloss 1J and 2J were identified. From the data, the town of Vinzons is with the TAGALOG block instead of being in the BIKOL block as it is currently identified *de jure*. In addition, three different visualization methods were used to depict diatopic variation. Of the methods used, the Voronoi Method is considered to be the most appropriate as it extends beyond administrative borders, and it also resolves spatial discontinuity.

In Chapter IV, theories on observed changes in Bikol Daet were presented. Evidence especially on the grammaticalization of the question marker WHY in Bikol Daet suggests that contact influences from Tagalog extend beyond minimal lexical borrowing.

Finally, it has been argued and reinforced that Bikol Daet is a distinct and a separate variety of Bikol. Nonetheless, it remains as the least described Bikol variety and the weakest in terms of language status as reflected in Bikol language planning and policy. Questions on its vitality

and prospects remain even though the Bikol macrolanguage is one of the most vigorous languages in the Philippines.

Zubiri, Louward Allen M. (2019). *Bikol Daet: Context, variation, and outlook* [Unpublished master's thesis]. Department of Linguistics, University of the Philippines Diliman.